JANUARY
Makugihon
FEBRUARY
Mahigugmaon
MARCH
Matinabangon
APRIL
Matinahuron
MAY
Mahapsay og Malimpyo
JUNE
Maabtik og Musunod sa Insakto ng Oras
JULY
Maantigo og Maabilidad
AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban
SEPTEMBER
Madaginoton
OCTOBER
Matinud-anon
NOVEMBER
Masaligan
DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


# 2

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 6
## Nakapagbibigay ng Angkop na Pamagat sa Binasang Teksto, Talata, at Kuwento



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Chengie P. Colegio
**Editor:** Gina A. Buca
**Tagasuri:** Eliza Carreon Quipit
**Tagalapat:** Florencio R. Caballero
**Tagapagpamahala:**
Majarani M. Jacinto, EdD CESO VI – Schools Division Superintendent
Raymond M. Salvador, EdD CESE– Asst. Schools Division Superintendent
Juliet A. Magallanes, EdD – Chief Education Supervisor, CID
Ernesto Tardo,EdD– Chief Education supervisor, SGOD
Josephine L. Tomboc, EdD– Education Program Supervisor - Filipino
MA. Scorro M Orion – Public Schools District Supervisor
Florencio R. Caballero, DTE- Education Program Supervisor, LRMS
Leo Martinno O. Alejo – Project Development Officer II, LRMS



# Alamin

Sa modyul na ito, matutuhan mo ang pagbibigay ng angkop na pamagat mula sa binasang teksto, talata, at kuwento.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nakapagbibigay ng angkop na pamagat sa binasang teksto, talata, at kuwento. **(F2PB-IIj-8)**



# Balikan

Basahin at piliin ang pangunahing ideya o kaisipan ng teksto. Isulat ang wastong letra sa sagutang papel.

1. Ang **dengue** ay maiiwasan kung ibayong pag-iingat ay isasaalang-alang. Linisin ang loob at labas ng bahay. Maging malinis sa tuwina.
   A. Maglinis ng kapaligiran upang maiwasan ang **dengue**.
   B. Palitan lagi ang tubig sa plorera.
   C. Uminom ng walong basong tubig.
   D. Maligo araw-araw

2. Kapag may sipon o ubo, iwasan ang pagdura kung saan-saan. Takpan ang bibig at ilong kapag umuubo. Uminom ng maraming tubig at magpahinga.
   A. Mga dapat gawin kapag inuubo at sinisipon
   B. Uminom ng maraming tubig at maglaro.
   C. Takpan ang bibig at ilong.
   D. Kumain ng gulay

3. Ugaliin ang pagkain ng mga prutas at gulay. Nakatutulong din ang mga ito upang mapanatiling malusog ang katawan.
   A. Ang mga isda ay nakatutulong upang maging malakas
   B. Kumain ng prutas at gulay upang maging malusog ang katawan.
   C. Ugaliing kumain ng karne at tinapay.
   D. Kumain ng ice cream at gulay.

4. Uminom ng walo o higit pang baso ng tubig sa araw-araw. Nakatutulong ito para sa mabilis na pagtunaw ng ating kinakain.
   A. Kabutihang dulot ng sapat na pag-inom ng tubig.
   B. Bilang ng iinuming tubig araw-araw.
   C. Uminom ng anim na basong tubig araw-araw.
   D. Hindi nakatutulong sa pagtunaw ng kinakain.

5. Iwasang kumain ng **junk food** at pag-inom ng nakalatang inumin. May mga kemikal ito na hindi mabuti sa katawan.
   A. Iwasang kumain ng **junk food** at pag-inom ng nakalatang inumin.
   B. May mga vitamina na makukuha sa **junk food**.
   C. Ugaliing kumain ng mga **junk food** araw-araw.
   D. Nakabubuti sa katawan ang pagkain ng **junk food**.



## Tuklasin

A. Basahin natin at bigyan ng angkop na pamagat.

> Napakahalaga ng bitamina A sa ating katawan. Ito ang tumutulong upang lalong luminaw ang ating mata. Ang kakulangan sa bitaminang ito ay maaaring magdulot ng paglabo ng paningin . Ang mga pagkain na mayaman sa bitamina A ay atay (manok o baka) itlog, gatas, keso, mga luntian at dilaw na gulay at prutas.

Sagutin ang mga tanong at isulat ang letra ng tamang sagot.

1. Anong bitamina ang mahalaga upang luminaw ang ating mata?
   A. bitamina A
   B. bitamina E
   C. bitamina D
   D. bitamina C

2. Paano nakatutulong ang bitamina A sa ating katawan?
   A. para makarinig ng maayos
   B. pampalinaw ng mata
   C. pampalakas ng katawan
   D. pampaganda ng mukha

3. Ano-anong mga pagkain ang mayaman sa bitamina A?
   A. itlog, gatas, keso, mga luntian at dilaw na gulay at prutas
   B. karneng baka, isda, at manok
   C. margarine, itlog, cornbeef at hotdog
   D. beefloaf, manok at gulay

4. Ano ang paksang diwa?
   A. Ang kahalagahan ng karne at isda
   B. Ang kahalagahan ng bitamina C
   C. Ang kahalagahan ng katawan
   D. Ang kahalagahan ng ilong

5. Ano ang angkop na pamagat ng talata?
   A. Ang Mayaman sa Bitamina C
   B. Ang Bitamina A
   C. Ang Mahalaga sa Katawan
   D. ang bitamina a



## Suriin

Sa pagbibigay ng angkop na pamagat sa teksto, talata, at kwentong binasa dapat unawain ang binasa.

**Tandaan:**

- Sa pagbibigay ng pamagat ng isang talata, alamin mo muna ang paksang-diwa o paksang pangungusap. Ang mga ito ay nagbibigay ng ideya sa pagpili ng pamagat.
- Maikli at nakatatawag ng pansin. Ito ay humikayat sa mambabasa na ituloy ang pagbabasa sa akda.
- Ginagamit ang malaking titik sa mahahalagang salita sa pamagat ng talata o kwento. Ang unang salita sa pamagat ay sinimulan din sa malaking titik.
- Halimbawa ng kwento:

  Mali: Ang palalong loro at si askal
  Tama: Ang Palalong Loro at si Askal



# Isaisip

Ang mahalagang tuntunin na dapat tandaan sa pagbibigay ng angkop na pamagat ng teksto, talata, at kwentong binasa ay:

- unawain ang teksto, talata at kwentong binasa
- maikli at nakatatawag pansin
- magsimula sa malaking titik ang pagkasulat ng pamagat



# Tayahin

A. Basahin ang talata at Isulat ang wastong letra sa sagutang papel.



Malaking tulong ang nagagawa ng agham. Nakakatuklas ang mga doktor ng mga bagong gamot.

Malaking tulong din ang nagagawa ng teknolohiya. Napadadali ang ating mga ginagawa sa tulong nito. Nakakausap natin ang mga taong nais nating makausap kahit nasa malayong lugar tayo. Napupuntahan din natin ang malalayong lugar dahil sa teknolohiya.

1. Ano ang kahalagahan ng agham?
   A. nakapagliligo tayo ng dagat
   B. nakapagpupunta tayo sa mga bukirin
   C. nakakatuklas ang mga doktor ng mga bagong gamot
   D. nakakasakay ang mga kabataan ng dyip
2. Ano ang kahalagahan ng teknolohiya?
   A. napapadali ang ating mga gawain
   B. nakakatuklas ang mga doktor ng mga bagong gamot
   C. nakakatuklas ang mga piloto ng mga bagong planeta
   D. wala sa tatlo
3. Ano ang pinag-uusapan sa nabasang talata?
   A. tungkol sa butanding
   B. tungkol sa paaralan
   C. tungkol sa telepono at telebisyon
   D. tungkol sa agham at teknolohiya
4. Napupuntahan ba natin ang malalayong lugar dahil sa teknolohiya?
   A. Oo
   B. Hindi
   C. wala sa dalawa
   D. hindi mo masabi
5. Ano ang angkop na pamagat sa isang talata?
   A. Ang Teknolohiya
   B. Ang Agham
   C. ang agham at teknolohiya
   D. Ang Agham at Teknolohiya



# Isagawa

Unaawin at basahin ang maikling kwento. Sagutin ang mga sumusunod na tanong.



Ang isang paruparo ay mula sa itlog. Mula sa itlog na napisa, lalabas ang uod. Ito ay kakain ng dahoon hanggang sa mabusog at lumaki. Ikukulong ng uod ang kanyang sarili sa hinabi niyang bahay. Dito siya matutulog nang ilang lingo. Paglabas sa kanyang bahay ay isa na siyang paruparong maganda.

1. Saan nagmula ang isang paruparo?
   A. bulaklak
   B. itlog
   C. damo
   D. dahon
2. Saan ikinulong ng uod ang kanyang sarili?
   A. sa kanyang hinabi na balay
   B. sa dahon
   C. sa lupa
   D. sa bulaklak
3. Ano ang kinakain ng uod?
   A. dahon
   B. bulaklak
   C. prutas
   D. sanga ng punongkahoy
4. Ano ang mangyayari sa isang uod paglabas niya sa kanyang bahay?
   A. magiging gagamba
   B. magiging langgam
   C. magiging paruparo
   D. magiging ibon
5. Ano ang angkop na pamagat sa isang kwento?
   A. Ang paruparo
   B. ang  paruparo
   C. Ang Paruparo
   D. ang Paruparo

## Susi sa Pagwawasto

**BALIKAN:**
1. A
2. A
3. B
4. A
5. A

**Tuklasin:**
1. A
2. B
3. A
4. C
5. B

**TAYAHIN:**
1. B
2. A
3. D
4. A
5. D

**Isagawa:**
1. B
2. A
3. A
4. C
5. C

# Sanggunian


Department of Education. *Filipino learners' guide 2*. Philippines: Department of Education, 2016.

Department of Education. *Filipino teachers' guide 2*. Philippines: Department of Education, 2016.

Department of Education. *Most essential learning competencies*. Philippines: Department of Education, 2020.

Villafuerte, and Ona. *Pagdiriwang ng wikang Filipino 2*. (Binagong edisyon 2010). Philippines: Diwa Scholastic Press, Inc., 2003.

Lessonworksheets.com/concept

Teacherabiworksheets.blogspot.com/2016/02